ARALIN 19

1. Sino ang mga taong ipinanganak pagkatapos ni Noe?
-Sila ang inyong mga ninuno at ang aking mga ninuno.
2. Alam ba ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?
-Oo.

3. Paano nalaman ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?
-Una, ang mga nakakatandang tao ang nagkwento sa mga nakababata tungkol sa Diyos at sa baha.

4. Ano ang sinabi ng nakatatanda sa mga nakababata tungkol sa Diyos at sa baha?
-Na ang Diyos ay napopoot sa kasalanan, at, samakatuwid, ay nilipol ang lahat ng tao maliban kay Noe at sa kanyang pamilya.

5. Paano pa nalaman ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?
-Pangalawa, pinapakahulugan ng bahaghari sa ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos.

6. Ano ang ipinaparating ng bahaghari sa ating mga ninuno tungkol sa Diyos?
-Na mahal ng Diyos ang mga tao, at hindi na Niya muling lilipulin ang mundo sa pamamagitan ng baha.

7. Paano pa nalaman ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?
-Pangatlo, alam ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos dahil ang kalangitan, ang mga bundok, ang mga ilog, at ang mga puno ay nagpapakahulugan sa kanila ng tungkol sa Diyos.

8. Ano ang ipinaparating ng langit, bundok, ilog, at mga puno tungkol sa Diyos sa ating mga ninuno?



-Na ang Diyos lamang ang Diyos, at ang mga tao ay dapat na sumusunod lamang sa Diyos.

9. Naniniwala ba ang karamihan sa ating mga ninuno sa Diyos?
-Hindi.
-Iilan lamang sa ating mga ninuno ang naniwala sa Diyos.

10. Sa halip na sundin ang Diyos, sino ang sinundan ng karamihan sa ating mga ninuno?
-Karamihan sa ating mga ninuno ay sumunod kay Satanas at sa kanyang mga kasinungalingan.

11. Ano ang sinabi ni Satanas na gawin ng ating mga ninuno?
-Sambahin ang araw, buwan, at mga bituin.
-Sambahin ang mga espiritu.
-Sumamba sa inukit na kahoy at bato na mukhang tao at hayop.

12. Bakit ayaw ng Diyos na ang mga tao ay mamuhay nang sama-sama sa isang lugar?
-Upang hindi nila makalimutan ang tungkol sa Diyos at ang kanilang mga kasalanan ay hindi na dumami.

13. Bakit nagsimulang magtayo ang mga tao ng isang mataas na tore sa Babel?
-Dahil ang mga tao ay labis na mapagmalaki.
-Dahil ang mga tao ay nais na gumawa ng pangalan para sa kanilang sarili.

14. Nang simulan ng mga tao ang pagtatayo ng mataas na tore, nakita ba ito ng Diyos?
-Oo.

15. Alam ba ng Diyos ang lahat ng iniisip ng lahat ng tao?
-Oo.
-Bago pa magsimulang mag-isip ang isang tao, alam na ng Diyos ang lahat ng kanyang iniisip.

16. Alam ba ng Diyos ang lahat ng salita ng lahat ng tao?
-Oo.
-Bago pa man magsimulang magsalita ang isang tao, alam na ng Diyos ang lahat ng kanyang mga sasabihin.

17. Alam ba ng Diyos ang lahat ng mga ginagawa ng lahat ng tao?
-Oo.
-Bago pa magsimulang gumawa ng isang bagay ang isang tao, alam na ng Diyos ang lahat ng kaniyang gagawin.

18. Nakalilimutan ba ng Diyos ang mga tao?
-Hindi makalilimutan ng Diyos ang iniisip ng mga tao.
-Hindi makalilimutan ng Diyos ang sinasabi ng mga tao.
-Hindi makalilimutan ng Diyos ang ginagawa ng mga tao.

19. Dahil ang ating mga ninuno ay sinuway ang Diyos, nagpasya ang Diyos na parusahan sila. Ano ang parusa na ipinataw ng Diyos?
-Binigyan ng Diyos ang mga tao ng iba't ibang wika upang hindi magkaintindihan ang mga tao.

20. Matapos bigyan ng Diyos ang lahat ng tao ng iba't ibang wika, ano pa ang Kanyang ginawa?
-Ikinalat ng Diyos ang lahat ng tao sa iba't ibang lugar sa mundo.

21. Paano nakarating dito ang iyong mga ninuno?
-Pagkalipas ng maraming, maraming taon, pumunta sila rito sa pamamagitan ng paglalakad at pamamangka.



-Ang ating mga ninuno na nabuhay pagkatapos ni Noe ay sumuway sa Diyos, at nagtayo ng mataas na tore sa Babel.

-Sinunod nila ang mga kasinungalingan ni Satanas, at hindi ang mga katotohanan ng Diyos.

-Sila ay sumunod sa kanilang sariling kaparaanan, at tinanggihan ang Diyos.

-Kahit tinanggihan ng ating mga ninuno ang Diyos, tinalikuran ba ng Diyos ang Kanyang plano na iligtas ang mga tao?
-Hindi.

-Kahit tinanggihan ng ating mga ninuno ang Diyos, tinalikuran ba ng Diyos ang Kanyang plano na ipadala ang Tagapagligtas?
-Hindi.

-Kapag ang Diyos ay nangako, lagi Niyang tinutupad ang Kanyang pangako.

-Sa Hardinn ng Eden, nangako ang Diyos kina Adan at Eba na ipadadala ang Tagapagligtas.

-Hindi sisirain ng Diyos ang Kanyang pangako.

-Nangako ang Diyos kina Set at Enos at Noe na ipapadala ang Tagapagligtas.

-Hindi sisirain ng Diyos ang Kanyang pangako.

-Kahit tinanggihan ng ating mga ninuno ang Diyos, hindi pinabayaan ng Diyos ang Kanyang plano na ipadala ang Tagapagligtas.

-Kahit tinanggihan ng ating mga ninuno ang Diyos, nais pa rin ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula sa kasalanan.

-Kahit tinanggihan ng ating mga ninuno ang Diyos, nais pa rin ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula sa kamatayan.

-Kahit tinanggihan ng ating mga ninuno ang Diyos, nais pa rin ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao mula kay Satanas.

-Maaari bang pigilan ng mga tao ang Diyos sa pagpapadala ng Tagapagligtas?
-Hindi.

-Maaari bang pigilan ng mga demonyo ang Diyos sa pagpapadala ng Tagapagligtas?
-Hindi.

-Maaari bang pigilan ni Satanas ang Diyos sa pagpapadala ng Tagapagligtas?
-Hindi.

-Sino ang makakapigil sa Diyos sa pagpapadala ng Tagapagligtas?
-Walang sinuman.



-Nang magpasya ang Diyos na ipadala ang Tagapagligtas, walang makakapigil sa Diyos.

-Dahil tinanggihan ng marami sa ating mga ninuno ang Diyos, nagpasya ang Diyos na pumili ng isang tao kung saan ipapadala ang Tagapagligtas.

-Ang pangalan ng taong pinili ng Diyos ay Abram.

-Pinili ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ni Abram.

-Bakit pinili ng Diyos si Abram kung saan ipapadala ang Tagapagligtas?

-Pinili ba ng Diyos si Abram dahil hindi nagkasala si Abram?
-Hindi.

-Si Abram ay isang makasalanan.
-Si Abram ay isang kaapu-apuhan ni Adan.
-Si Abram ay ipinanganak sa kasalanan.

-Bakit si Abram ang pinili ng Diyos?

-Naniniwala si Abram na ang Diyos ay banal.
-Naniniwala si Abram na siya ay nagkasala.

-Naniniwala si Abram na ang kanyang kasalanan ay karapat-dapat sa kamatayan.

-Naniniwala si Abram na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.

-Naniniwala si Abram na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas.

-Dahil naniniwala si Abram sa Diyos, pinili ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ni Abram.

-Ang ama ni Abram ay si Tera.
-Si Tera ay ang inapo ni Sem.

-Naaalala mo ba ang mga pangalan ng mga anak ni Noe?
-Sem, Ham, at Japhet.

-Si Abram ay kaapu-apuhan ni Sem, isa sa mga anak ni Noe.

Basahin natin ang Genesis 11:27 & 29-30

27-Ito ang mga lahi ni Terah. Naging anak ni Terah sina Abram, Nahor, at Haran; at naging anak ni Haran si Lot.
29-At nagsipag-asawa sina Abram at Nahor. Ang pangalan ng asawa ni Abram ay Sarai, at ang pangalan ng asawa ni Nahor ay Milca, na anak na babae ni Haran na ama nina Milca at Iscah.
30-At si Sarai ay baog; siya'y walang anak.

-Isang araw, nagpakasal si Abram.
-Nagpakasal si Abram sa isang babaeng nagngangalang Sara.

-Gayunpaman, walang anak sina Abram at Sara.

-Bakit walang anak sina Abram at Sara?
-Dahil baog si Sara.

-Si Abram at Sara ay nanirahan sa lungsod ng Ur.



-Ang mga tao ng Ur ay hindi naniniwala sa Diyos at sa Kanyang mga katotohanan.

-Sinunod ng mga tao ng Ur si Satanas at ang kanyang mga kasinungalingan.

-Ang mga tao ng Ur ay masasamang tao.

-Habang naninirahan pa si Abram sa Ur, nagpakita ang Diyos kay Abram.

-Narito ang sinabi ng Diyos kay Abram:

Basahin natin ang Genesis 12:1

1-Sinabi ng Panginoon kay Abram, "Umalis ka sa iyong lupain, sa iyong mga kamag-anak, sa bahay ng iyong ama, at pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo."

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Abram na gawin?

-Sinabi ng Diyos kay Abram na lisanin ang kanyang bansa, at pumunta kung saan siya dadalhin ng Diyos.

-Bakit sinabi ng Diyos kay Abram na lisanin ang Ur at ang kanyang bansa?

-Dahil ang mga tao sa Ur ay hindi naniniwala sa Diyos at sa kanyang mga katotohanan.

-Dahil ang mga tao sa Ur ay sumunod lamang kay Satanas at sa kanyang mga kasinungalingan.

-Dahil nais ng Diyos na maghiwalay Siya ng mga tao na maniniwala sa Diyos.

-Paano nakipag-usap ang Diyos kay Abram?
-Nakipag-usap ang Diyos kay Abram sa Kanyang tinig.

-Nakipag-usap ang Diyos kay Abram sa Kanyang tinig dahil ang Bibliya ng Diyos ay hindi pa naisulat noong buhay pa si Abram.

-Paano nakikipag-usap ang Diyos sa atin ngayon?

-Ngayon, ang Diyos ay hindi na madalas na nagsasalita sa atin mula sa kaniyang tinig.

-Ngayon, ang Diyos ay madalas na nagsasalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Bibliya.

-Maririnig natin ang mga Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabasa nito sa Kanyang Bibliya.

-Malalaman natin ang sinasabi ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kanyang mga Salita sa Kanyang Bibliya.

-Nang kausapin ng Diyos si Abram, may ipinangako ang Diyos.

-Narito ang ipinangako ng Diyos kay Abram:

Basahin natin ang Genesis 12:2

2-[Sinabi ng Panginoon kay Abram] "Gagawin kitang isang malaking bansa, ikaw ay aking pagpapalain, gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging isang pagpapala."



-Ano ang ipinangako ng Diyos kay Abram?

-Una, ipinangako ng Diyos na si Abram ay magkakaroon ng maraming inapo na magiging isang dakilang bayan.

-Sa panahong iyon, ilan ang mga anak nina Abram at Sara?
-Wala.

-Bakit walang anak sina Abram at Sara?

-Dahil baog ang asawa ni Abram na si Sara.

-Kahit na walang anak si Abram, nangako ang Diyos na magkakaroon ng maraming supling si Abram.

-Pangalawa, nangako ang Diyos na pagpapalain Niya si Abram.

-Basahin natin ang ipinangako din ng Diyos kay Abram:

Basahin natin ang Genesis 12:3

3-[Sinabi ng Panginoon kay Abram] "Pagpapalain ko ang magbibigay ng pagpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo; At sa pamamagitan mo ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain."

-Pangatlo, ipinangako ng Diyos na pagpapalain Niya ang mga nagpala kay Abram, at susumpain ang mga sumumpa kay Abram.

-Pang-apat, nangako ang Diyos na pagpapalain ang lahat ng tao sa pamamagitan ng isa sa mga lahi ni Abram.

-Ang pangakong ito na pagpapalain ng Diyos ang lahat ng tao sa pamamagitan ng isa sa mga lahi ni Abram ay ang pinakadakilang pangako sa lahat.

-Sino ang magiging lahi ni Abram, na sa pamamagitan niya ay pagpapalain ang lahat ng tao?

-Ang Tagapagligtas.
-Ano ang gagawin ng Tagapagligtas?

-Darating ang Tagapagligtas upang talunin ang kapangyarihan ng kasalanan.

-Darating ang Tagapagligtas upang talunin ang kapangyarihan ng kamatayan.

-Darating ang Tagapagligtas upang talunin ang kapangyarihan ni Satanas.

-Darating ang Tagapagligtas upang muling pagsamahin ang Diyos at mga tao.

-Tatalunin ng Tagapagligtas si Satanas, at pagpapalain ang lahat ng tao sa mundo.

-Naniwala ba si Abram sa mga pangako ng Diyos?
-Oo.

-Naniniwala si Abram na hindi magsisinungaling ang Diyos.



-Naniniwala si Abram na ang Diyos ay magsasabi lamang ng katotohanan.

-Pagkatapos gawin ng Diyos ang Kanyang mga pangako kay Abram, ano ang ginawa ni Abram?

Basahin natin ang Genesis 12:4-5

4-Kaya't umalis si Abram ayon sa sinabi sa kanya ng Panginoon, at si Lot ay sumama sa kanya. Si Abram ay may pitumpu't limang taong gulang nang umalis siya sa Haran.
5-Isinama ni Abram si Sarai na kanyang asawa, at si Lot na anak ng kanyang kapatid, at ang lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ang mga taong kanilang nakuha sa Haran; at umalis sila upang pumunta sa lupain ng Canaan at nakarating sila roon.

-Iniwan ni Abram ang bansang kanyang tinitirhan, at sumunod sa Diyos sa bansa kung saan siya idadala ng Diyos.

-Saan dinala ng Diyos si Abram?

-Idinala ng Diyos si Abram sa isang bagong lupain na tinatawag na Canaan.

-Sa susunod na aralin, malalaman natin ang nangyari kay Abram sa lupain ng Canaan.